c.) Promotion of the use of rainwater harvesting in all Barangays;
d.) Installation of water saving devices like water aerators, specifically at the household level;
e.) Conduct of tree-planting and other reforestation activities in partnership with environmental organizations;
f.) Integration of lectures on water conservation and water demand management concepts in all schools;

g.) Adoption of technologies promoting water conservation, which may include water conserving gardens, grey water reuse in irrigation, etc.
h.) Monitoring of the safety and potability of all local water resources;
i.) Clean-up, rehabilitation and restoration of rivers, creeks and other tributaries and water sources;
j.) Dissemination of campaign materials on water conservation.

**SECTION VI. IMPLEMENTATION.**

1. The WaterCom shall be the lead in all information, education and communications (IEC) campaign strategies.
2. The Barangay Chairman and Officials shall help in the implementation of the different water conservation programs identified in Section V hereof of this ordinance.
3. The Sangguniang Bayan/Panlungsod Chairman of the Committee on Environment and Natural Resources, the City/Municipal Environment and Natural Resources Officer (CENRO/MENRO), shall help in evaluating the effectiveness of the implementation of the different water conservation programs conducted.

**SECTION VII. REPEALING CLAUSE.** All ordinances, resolutions, executive issuances or rules and regulations or parts thereof, whose provisions are inconsistent with or contrary to the provisions of this Ordinance, are hereby deemed repealed, amended or modified accordingly.

**SECTION VIII.** APPLICABILITY CLAUSE. The provisions of existing ordinances, resolutions or executive orders dealing with related subject matter, which is not contradictory with this Ordinance, are hereby adopted as an integral part of this Ordinance.

- o v e r -

**Republic of the Philippines**
**Province of Cavite**
**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLALAWIGAN**
**Trece Martires City**

*Page 4: EXCERPTS, 7th Regular Session*
*August 19, 2019 Prov'l. Ord. No. 251-2019*

**SECTION IX. SEPARABILITY CLAUSE.** If, for any reason, any section or provision of this Ordinance is held unconstitutional or invalid, the other sections or provisions hereof shall not be affected thereby shall continue to be in force and effect.

**SECTION X. EFFECTIVITY.** This Ordinance shall take effect after its approval and compliance with the posting and publication requirements.

I hereby certify that the foregoing ordinance was duly enacted by the Sangguniang Panlalawigan of Cavite during its 7th Regular Session on August 19, 2019.

**MICHELLE F. ALCID**
*Provincial Board Secretary*

- o v e r –

**Republic of the Philippines**
**Province of Cavite**
**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLALAWIGAN**
**Trece Martires City**

*Page 5: EXCERPTS, 7th Regular Session*
*August 19, 2019 Prov'l. Ord. No. 251-2019*

**EDRALIN G. GAWARAN**
*Majority Floor Leader*

**VALERIANO S. ENCABO**
*Pro-Tempore*

**FELIX A. GREPO**
*Temporary Majority Floor Leader*

**ROMEL R. ENRIQUEZ**
*Provincial Board Member*

**DAVEY CHRISTIAN R. CHUA**
*Provincial Board Member*

**EDWIN E. MALVAR**
*Provincial Board Member*

**JEFFREY V. ASISTIO**
*Provincial Board Member*

**DENNIS T. LACSON**
*Provincial Board Member*

**FULGENCIO C. DELA CUESTA, JR.**
*Provincial Board Member*

**IVEE JAYNE A. REYES**
*Provincial Board Member*

**ALSTON KEVIN A. ANARNA**
*Provincial Board Member*

**KERBY J. SALAZAR**
*Provincial Board Member*

**CRISPIN DIEGO D. REMULLA**
*Provincial Board Member*

**ANGELITO H. LANGIT**
*Provincial Board Member*

**REYNIEL A. AMBION**
*Provincial Board Member*

**VIRGILIO P. VARIAS**
*Provincial Board Member*

**FRANCISCO PAOLO P. CRISOSTOMO**
*Liga ng mga Barangay Provincial Chapter President*

**BENZEN RALEIGH G. RUSIT**
*CCL Interim President*

**JEROME NAPOLEON T. GONZALES**
*SK Provincial Federation President*

ATTESTED BY:

**RAMON JOLO B. REVILLA III**
Vice Governor/Presiding Officer
Date Signed August 30, 2019

APPROVED BY:

**JUANITO VICTOR C. REMULLA**
Governor
Date Signed September 20, 2019

*MFA/jnc/patrick*

**Publication: HANEP** December 30, 2019

# LIGAYA ANG HANAP, SA 'TUTOK' NASADLAK

**IMBES na magandang babae na makakapiling, holdaper ang nakilala ng isang 20-anyos na Indian national nang holdapin ito habang sakay sila ng kanyang motorisklo sa Imus City, Cavite.**

Personal na dumulog sa tanggapan ng Imus City Police station ang biktimang si Kelvin Singh Thounaojam, estudayante at nanunuluyan sa 702 Torre Sur Condominium, Las Pinas City upang ireklamo ang suspek na si Velentino Boyles , 37, binata, walang trabaho, ng Granvale Subd., Brgy Malagasang II-F, Imus City.

Sa ulat ni MSgt Christian Tamayo, ng Imus City Police Station, dakong alas-8:15 ng umaga nang naganap ang insidente kung saan nakilala ng biktima ang suspek sa isang mall sa Las Pinas City.

Nagtanong ang biktima kung may alam na babae ang suspek na pansamantalang makapagpapaligaya sa kanya.

Matapos ang kanilang paguusap, isinama ng suspek ang biktima sa sumakay sa motorsiklo ng huli at nagtungo sa isang lugar sa Brgy Anabu ng naturang Lungsod.

Pagsapit sa isang madilim na bahagi ay biglang nalabas ng baril ang suspek at nagdeklara ng holdap at tinangay ang P1,000 cash ng biktima at saka tumakas.

Gayunman, nagsumbong ang biktima sa pulisya at nagsagawa ng operasyon na nagesulta sa pagkakaaresto sa suspek base sa diskripsiyon nito at naibalik din ang kanyang pera. **GENE ADSUARA**

# Pamilya ng 'hero cop' tumanggap ng P.3 milyon sa City of Manila

Bunsod ng ipinakitang tapang at dedikasyon sa tungkulin, tumanggap ng P300,000 financial assistance mula kay Manila Mayor Isko Moreno ang pamilya ni P/Corporal Edgil Bombase na napatay sa encounter sa Sta. Cruz, Maynila.

Batay sa report, nagtamo ng apat na tama ng baril sa katawan si Bombase na nakipagbarilan sa holdaper sa PNR railway, Antipolo St. cor. Tomas Mapua, Sta. Cruz noong Disyembre 11.

Bagamat naitakbo pa Jose R. Reyes Memorial Medical Hospital, namatay din ito matapos ang apat na araw na pagkakaratay sa ospital.

Pinangunahan mismo ni Moreno ang pagbibigay pugay sa kabayanihan ni Bombase sa pagbibigay ng isang minutong panalangin.

Sinabi ni Moreno, naglaan ng P300,000 ang city government ng Manila para tulong pansiyal sa pagkamatay ni Bombase.

Samantala, sinusulat ito ay pagkakalooban ng 'Medalya ng Kadakilaan' ng National Capital Regional Police Office (NCRPO) si Bombase kaugnay sa katapangan at kabayanihang ipinakita nito.

"P/Cpl Bombase died due to multiple organ failure at 3:10PM, yesterday, December 15, 2019. But he died with honor and integrity of having accomplished the mission of neutra¬lizing one notorious robbery/hold-up suspect, he is NCRPO's police hero," ayon kay NCRPO director B/Gen. Debold Sinas.

Gagawaran si Bombase ng posthumous award na Medalya ng Kadakilaan at sagot din ng NCRPO ang gastos sa ospital maging sa libing ng pulis. **(Leonard Basilio)**

# NCR's 1st peace & dev't convergence program targets displaced Malabon vendors

**MALABON CITY (PIA)** – At least 75 displaced sidewalk vendors in the city stand to benefit from the whole-of-nation convergence program designed to alleviate their plight and provide alternative, long-term, and more stable earning opportunities for them.

During Satruday's 1st Metro Manila Convergence Program of government, private entities, and civil society organizations held at the Malabon National High School, and spearheaded by the Poverty Reduction, Livelihood and Employment Cluster of the National Capital Region Task Force to End Local Communist Armed Conflict in support of President Rodrigo Roa Duterte's Executive Order No. 70, the beneficiaries were given the option to learn skills on Hilot (Wellness Massage) NC II, Bread and Pastry Production NC II, and Tile Setting NC II, coupled with orientation on livelihood, business management, financial assistance, and employment opportunities, among others.

Malabon City Mayor Antolin "Len" Oreta, who graced the event, expressed his support to the convergence effort. The mayor also assured that the city was working on providing an alternative means of livelihood for the vendors.

Gilberto Dela Cruz, a 64-year old vendor from Barangay Catmon, said he was quite surprised at first, because despite his age, he is still given the opportunity to avail of the skills training on bread-making.

"Sabi ko po interesado ako, gusto ko pong maipakita sa gobyerno at kay Pangulong Duterte na gusto ko pa rin makibahagi sa programa ng gobyerno," Dela Cruz said, adding that he will challenge himself to finish the training course and engage with other vendors to avail of the livelihood opportunities.

"Ang totoong gusto ko po ay sa computer [operation] pero baka next year pa raw po i-offer, kaya nag-shift po muna ako sa bread-making business. Pero kasi, interesado rin ako sa ganyan e. Magagamit [ko] sa negosyo at malay nyo, baka makapagpatayo rin tayo ng bakery," he said.

Nabanggit din po nila sa amin noong primerong orientation namin sa munisipyo na mayroong ibibigay na mga gamit pang-baking kapag nakatapos sa kurso," he added.

For her part, Lolita Bon, 52, of Barangay Hulong Duhat, who used to sell her wares beside the Malabon City Square Mall, said she and her fellow vendors were encouraged by the local government to avail of the programs being offered.

She said she will avail the bread and pastry-making course and also train as a therapeutic masseuse due to its readily available potential income.

"Napakaganda po at napakamaraming matutulungan na kagaya sa aming mga vendors, bale 75 po kami na mga vendors na willing mag-training kasi po, lalo na ngayong clearing time, wala po kaming pagkakataong magtinda sa kalsada nang maghapon. Hinihikayat ko po sila na mag-avail at ito po ang magiging hanapbuhay namin kapag nakatapos po kami," Bon said.

Training courses would last for as short as 10 days to 18 days depending on its specialty. The convergence program will also provide business opportunities to graduates through-supportive environment such as provision of facilities, mentoring and coaching, training, and networking that will help them establish their respective start-up business.

Graduates of the program are expected to use their skills and knowledge to put up their own business while others can be hired as employees of various business establishments.

On the other hand, those who have no business capital may form a group and register as a cooperative so that they can start their own business venture, said Pilar Hernandez-Herbolario of the City of Malabon Polytechnic Institute.

"Ang programang ito, hindi magtatapos sa hilot, mayroon din pang-negosoyo, pangkabuhayan, tapos mayroon din, kung 15 na kayo [members], pwede kayong magtayo ng coop para isang grupo na kayo, na hahanapin. 'Di ba meron tayo na nabuong Tricycle Food Tour noon? O baka sa susunod mayroon na tayong Malabon Tricycle Hilot Tour, at iikutan na kayo ng mga gustong magpahilot para iyong serbisyo natin ay naipapa-abot talaga natin," she said.

To recall, Malabon City has started promoting its culinary landmarks by means of accredited tricycles, a local public utility transport, which can easily wheeze through traffic and narrow alley ways.

Also, the national and city governments have ordered for the clearing of streets of obstructions to comply with the mandate of the President. **(PIA NCR)**

# DOTr compensates, relocates residents affected by Metro Manila Subway Project

**VALENZUELA CITY (PIA)** – Landowners here who signed Deeds of Absolute sale of their properties affected by the construction of the Metro Manila Subway Project (MMSP) have been compensated financially on Saturday by the Department of Transportation (DOTr).

This after the start of the formal clearing works of the Partial Operability (PO) Section of the MMSP.

DOTr Secretary Arthur Tugade also said that informal settler families have been transferred and given residence at the Disiplina Village in Barangay Bignay, Valenzuela City, an in-city relocation site managed by the local government.

A total of around 460 lots would be needed for the PO Section of the Subway, and some 364 lots of the total number were offered to be bought at prevailing Market Value.

While, 285 lot owners of the 364 lots have earlier agreed to sell their properties to government.

The PO Section of the subway will be composed of its first stations in Valenzuela City and Quezon City, its Line's Depot in Barangay Ugong, and some infrastructures for the Philippine Railway Institute, the first Railway Training Center in the country.

The underground rail line has been considered the "Project of the Century" being able to accommodate around 370,000 passengers daily when fully operational. It, however, targets 2021 to start its partial operations.

Around 15 stations of the Subway Project will service passengers when fully operational, including a terminal station at the Ninoy Aquino International Airport (NAIA) Terminal 3. **(PIA NCR)**

# Over-speeding of trucks must be controlled: Duterte

**MANILA** -- President Rodrigo Duterte on Monday said he wanted to have over-speeding of trucks regulated by police, lamenting that it has been one of the country's leading causes of deaths in road accidents.

"Pati 'yang mga truck, i-control ninyo ang speed. Alam mo ang disgrasya ngayon, pag ano ang patay, 10, 20 (The speed of trucks has to be controlled. You know accidents now, kill 10 to 20 people). I have to think about that. That has to stop," Duterte said in a speech in Cotabato City.

Duterte said the number of deaths due to road accidents was "no longer acceptable" to him.

"Itong over-speeding, it has to be controlled kasi marami nang patay (This over-speeding has to be controlled because there are so many deaths)," he added.

Duterte compared deaths caused by over-speeding to a "massacre" that took place almost every day.

"Ang numbers ng patay (of deaths) ... No longer, hindi na nakakatuwa, hindi na maganda basahin. Parang massacre na almost every day (The number of deaths is no longer a laughing matter. It's not a good thing to read about. It is like a massacre almost every day)," he added.

Earlier this month, nine persons died while five others were injured when a truck hit a dump truck and a jeepney in Cardona, Rizal.

In 2013, when he was Davao City Mayor, Duterte issued Executive Order No. 39, which "orders setting the speed limit for all kinds of motor vehicles within the territorial jurisdiction of Davao City".

Section 4 of the said order states that "violators shall, if warranted, be subjected to arrest and their vehicle impounded without prejudice to the imposition of penalties and fines under the provisions of R.A. No.4136 and Davao City Ordinance No. 778, if applicable".

Duterte's two children, Davao City Mayor Sara and former Davao City Vice Mayor Paolo have previously been apprehended for over-speeding in 2014 and 2016, respectively.

The Global status report on road safety 2018, launched by World Health Organization (WHO) in December 2018, showed that the number of annual road traffic deaths has reached 1.35 million.

Road traffic injuries are now the leading killers of people aged 5-29 years, the report said.

The burden is disproportionately borne by pedestrians, cyclists and motorcyclists, in particular those living in developing countries, it added.

It also noted that drastic action is needed to put these measures in place to meet any future global target that might be set and save lives.

Data from the Philippine Statistics Authority (PSA) showed that 10,012 people died due to road crashes in 2015, a 45.76 percent increase from 6,869 deaths recorded in 2006. **(PNA)**

# ANGEL LOCSIN, KARAPAT-DAPAT



**TALAGA namang karap-at-dapat ang ibinigay na posisyon sa aktres na si Angel Locsin.**

Hindi nagkamali na hirangin bilang anti-piracy ambassador ng Optical Media Board (OMB) si Angel.

Kilala ng marami ang adbokasiya ng aktres at ang umiiral na katapatan sa kanya.

Tapat sa puso at tapat sa kanyang mga ginagawa ang aktres.

Hindi ba na si Angel ay sadyang kinilala ng Forbes Asia, batid ng lahat ang dahilan.

Ito ay bunga ng busilak na kalooban ni Angel sa pamamagitan ng pagtulong.

Kaya naman hinangaan siya dahil sa pagtulong sa mga biktima ng malakas na lindol sa Mindanao at iba pang bahagi ng bansa.

Nananalantay na sa kanya ang pagtulong sa mga kababayang mahihirap.

Nabanggit o nabalikan lamang natin ang kabutihan ni Angel sa kapwa bunsod ng kanyang panibagong misyon ngayon.

Bahagi na si Angel sa laban ng OMB kaugnay ng pamimirata ng mga pelikula sa bansa.

Iba ka talaga Angel kaya wala kaming masasabi kundi na ikaw ay talagang karapat-dapat.

@@@

**SABIK MAGING TATAY AT NANAY**

Napag-usapan lang din naman si Angel ay batiin na natin si Phil Younghusband.

Magiging tatay na si Phil sa kanyang model at kapwa half Filipino-British wife na si Margaret Hall.

Itong darating na summer vacation malamang iluwal ang baby ng mag-asawa pero hindi naihayag kung lalaki o babae.

Thankful ang 32-anyos na football star dahil safe sa pagbubuntis ang kanyang misis.

Last July nang maganap ang wedding sa England after na almost two years relations ng dalawa as sweetheart.

Kaya naman kinikilig at nananabik na ang dalawa na maging ina at ama sa darating na panganay.

Si Phil ay dating nobyo ni Angel Locsin.

Back to Angel, coming soon na rin ang wedding nito sa kasintahang TV/film producer na si Neil Arce.

@@@

**INTENSIYON NI TONY KAY JULIA**




## HANEP SHOWBIZ

Speaking of relasyon, para sa mga nang-uurat eh hayan at nagsalita na si Tony Labrusca.

Malinaw po ang sabi at kumpirmasyon mula kay Tony na sila ay walang relasyon ni Julia Barretto.

Paliwanag ng aktor, hindi sila super close ng aktres pero interesado pa rin siya.

Interesado? Ibaba muna ang mga kilay dahil sabi ni Tony ay naroon pa rin ang intensiyon sa kanya na maging friend si Julia.

Klaro!

## "TANIM SA TIYAN"

NOBELA NI ATE JOSIE

**(31)**

**"BASTA** 'mamya ay malalaman mo kung ano ang sinasabi ko sa iyong tanim sa tiyan."

Nagpaalam saglit si Ingka at pagkalipas ng halos isang oras ay muling bumalik.

May mga dalang iba't ibang klase ng dahoon si Ingka at malinis na puting malaking panyo na parang lampin ng sanggol.

"Kambing yata ang matandang ito."

Bumubulong sa sarili si Alex habang pinagmamasdan ang ginagawa ni Ingka.

Isinusubo ni Ingka ang mga dahon at pagkatapos nguyain ay iniluluwa sa panyo.

Pagkaluwa ng mga nginuyang dahon ay binalumbon ni Ingka ang panyo.

"Wow! Baby cologne."

Nagawa pa ni Alex na magbiro kaya pinagalitan siya ng kanyang tiyahin.

Ang hawak kasing panyo ni Ingka ay ipinahid sa iba't ibang katawan ni Allan.

Una ay sa mismong sikmura o tiyan kasunod ay sa noo na parang sign of a cross.

Doon natatawa si Alex dahil kumakatas ang laway sa panyo mula sa mga dahong nginuya ni Ingka.

Pagkatapos sa noo ay sa magkabilang braso naman ni Allan ipinahid ang panyo.

Muli ay ibinalik sa tiyan ni Allan at habang nakatapat o nakadiin ang panyo ay nagdarasal si Ingka.

Eksaktong sampung minuto nang tanggalin ni Ingka ang panyo mula sa tiyan ni Allan.

"Totoo ba itong nakikita ko, paanong nangyari yun? Bakit nagkaganoon?"

Labis na nabigla si Alex at sadyang hindi makapaniwala sa kanyang nasaksihan.

Kung tutuusin bawat galaw o lahat ng kilos ni Ingka ay minamatyagan ni Alex.

Kaya naman hirap na hirap si Alex na paniwalaan ang kanyang mga nasasaksihan.

Ang nakabalumbon na panyo na mayroong lamang mga nginuyang dahon ay binulatlat ni Ingka.

"Hayan ang sinasabi kong tanim sa tiyan mo."

**(Itutuloy)**

## IISA... IKAW AT AKO

SA PANULAT NI KUYA ARMAN

**(Ika-41 labas)**

**MAS** lalong nadagdagan ang matinding kaba sa dibdib ni Jane sa narinig.

Sabihin ba naman ni Bernie na masuwerte na kakaiba ang pumasok sa isip ni Jane.

Para kay Jane, ibig sabihin ng pagkakasabi ni Bernie na masuwerte ay dahil inaakala ng lalaki na siya ay birhen pa.

Kaya naman mistulang may gumagapang na mataas na boltahe sa buong katawan ni Jane lalo na nang yapusin siya ng kasintahan.

Sukol na sa ganoong sitwasyon si Jane at hindi na siya makakaurong o makakatanggi pa sa magaganap sa kanila ni Bernie.

Hindi pagkasabik o excitement ang nararamdaman ni Jane sa mga oras na iyon.

Dapat ay kapana-panabik ang mga sandaling iyon dahil sa mangyayari.

Pero sobrang kaba at takot ang namamayani sa buong katauhan ni Jane.

"Mayroon kang dapat malaman, ayokong itago sa iyo. Ayokong magsinungaling sa iyo."

Nahinto ang pangangarinyo ni Bernie dahil inawat muna siya ni Jane.

"Nagkaroon ako ng nobyo noon, siya ang aking first boyfriend at first love ko."

"Siya rin ang aking unang yakap at unang halik. Gusto kong malaman mo…"

Inilapat ni Bernie ang isang daliri sa labi ni Jane na senyales na hindi na nito kailangang magsalita pa.

Hindi na pinatapos pa ni Bernie ang dapat sasabihin pa ni Jane bagkus ay ginawaran niya ng masuyong halik at yapos ang nobya.

Wala ng salitaan, wala ng usapan pa at naging matahimik na ang loob ng silid.

Hindi na narinig ang tinig ni Jane at ang boses ni Bernie sa halip ay naganap na ang dapat maganap.

Pagkaraan ng mahabahabang katahimikan ay muli na namang nagkaroon ng tinig sa kwarto.

"Masuwerte ako sa iyo dahil tinanggap mo ang aking pagmamahal."

"Kahit 'di ka na virgin ay walang kaso 'yun sa akin kasi mahal na mahal kita."

"Alam mo ba sa nagyari sa atin ngayon ay mas lalo pa kitang minahal at mamahalin."

**(Sundan)**

# Filipino Inventor Establishes a Next Generation Pharmaceutical Firm



DOST Secretary Hon. Fortunato T. DelaPeňa delivers his inspirational message during the Soft Opening of the Bauertek Corporation.

**The renowned Filipino Scientist and Inventor Dr. Richard Nixon Gomez realizes a ten-year endeavor with the establishment of the Bauertek Corporation – a 100% Filipino-owned research, development and production facility for all-natural herbal supplements which are 3 to 4 generations ahead of the norm. The concept of the whole project started with a high school project of his son in 2009, which the family later on decided to register for patent and then officially introduced to the market. This embraces their company motto: "ImbensyongPinoy, GawangPinoy".**

Bauertek Corporation was inaugurated through a soft opening ceremony on 16 December 2019. The event has been attended by various special guests such as the Department of Science and Technology (DOST) Secretary Hon. Fortunato T. DelaPeňa as the Special Guest of Honor; Mr. Francisco "Popoy" Pagayon, the current President of the Filipino Inventor Society Producer Cooperative (FISPC); Hon. Anastacia R. Vistan, the current Municipal Mayor of Plaridel; among others. After the ceremonial ribbon cutting, Dr. Gomez led the guests for a special tour inside the newly constructed Bauertek building in order to introduce the different facilities inside.

Bauertek Corporation, which is located at SitioKabilangBakood, Sta. Rita, Guiguinto, Bulacan, is a pharmaceutical facility dedicated to producing world class and Food and Drugs Administration (FDA)-approved food supplements. One of their products, PiCUR, is the first and only Philippine made food supplement that is approved by the German Government for over-the-counter selling.

The company plans to partner with various government agencies in order to benefit the local farmers, from which the company acquires its plant raw materials. Instead of importing plant raw materials, the company plans to work with Filipino-owned plantations and government managed growing areas, such as the 1000-hectare herbal plant farm in Isabela State University. DOST will also play a major role in terms of providing technology needed as well as equipment and machineries in order to convert the locally produced plants into globally acceptable products.







**DOST Secretary, Hon. Fortunato T. DelaPeňa** (middle), leads the ribbon cutting for the soft opening of the Bauertek Corp., together with its **General Manager Dr. Richard Gomez** (leftmost), **Hon. Mayor Anastacia Vista**n, and **Mr. Francisco Pagayon.**



**Dr. Richard Gomez** leads the special guests inside the Bauertek building to conduct a plant tour of its facilities after the soft opening ceremony.





**SIMPLE** at masayang nairaos ang Christmas party ng PCP-1 na ginanap sa Nocom Bldg.,Pasay City. Makikita sa larawan si P/ Major Jolly Soriano na tinanggap ang regalo na helmet para sa mga tauhan ng PCP-1 mula sa isang kaibigan. **(JIMMY HAO)**

# Bumangga sa poste, rider tigbak

**PATAY** ang isang 28-anyos na housekeeper nang tumama ang katawan nito sa isang poste habang nakamotorsiklo sa Dasmarinas City, Cavite.

Namatay habang ginagamot sa Pagamutan ng Dasmarinas City ang biktimang si Larry Lavandero, nagtratrabaho sa Orchard at residente ng Block 18 Lot 20, Satellite 3, Brgy San Jose, Dasmarinas City.

Sa ulat ni Pat Norman Guerra, ng Dasmarinas City Police Station, minamaneho ng biktima ang kanyang motorsiklong Honda XRM (WG 8995) habang binabagtas ang kahabaan ng Aguinaldo Highway ng naturang Lungsod patungong Pala-Pala pero pagsapit sa harapan ng Kalipayan Resort sa Brgy Salitran II nang hindi nabatid na kadahilanan nang dumiresto ang motorsiklo nito at bumangga sa poste ng isang telephone company dakong alas- 8:50 ng gabi.

Agad namang isinugod ng mga rumespodeng rescuer sa lugar sa ospital subalit namatay din ito habang ginagamot.

Ayon kay Guerra, galing ang biktima sa isang binyagan na hinalang nakainum ito habang nagmamaneho. **GENE ADSUARA**

# YEAR ENDER 2019 SA SPORTS

**MGA kaganapan sa palakasan (sports) sa nakalipas na buong taong ng 2019 . kung saan nakatatak na sa talaan ng hindi malilimutan naganap sa ating bansa. Parang kalian lang natapos na naman ang isang taon.**

Enero sa buwan na ito ay tinalakay ni PSC Chairman William Ramirez itinakdang Batang Pinoy na maganap sa Davao Del Norte, Iloilo City at Ilagan, Isabela na pinasimulan sa buwan ng Pebrero. Ginampanan naman ni Senator Christopher Lawrence Bong Go. Ang traditional ceremonial toss para sa pagbubukas ng 44th Season PBA Philippine Cup sa Philippine Arena Bucaue, Bulacan kabilang ang mga board of governors at sympre si PBA Commissioner Willie Marcial. Higit din ang naging puspusan na pagsasanay ng pambatato ng Yawyan Romblon team kaugnay ng kanilang pakikibaka para sa National Kickboxing Tryout na gaganapin naman sa Pebrero. Naging abala naman sa Simul Chess para sa Mapua Institute of Technology (MIT) ang Asia's First Grandmaster Eugene Torre na nagtala ng 12 –panalo , 5 draw na nilahukan ng Alumni at varsity student sa buwan ng Pebrero pinahalagahan naman ni snooker/billiards champion Captain Marlon Manalo ang paglahok ng mga chess players sa 1st Coach Idle Datu at Atty. CB Beltran Tatlohan Chess Team tournament sa 3rd floor Alphaland Southgate Mall, Edsa Magallanes Makati City.

Marso kasagsagan ng kaganapan ng Aksyon sa Ayala Philippine Athletics Championship naginanap sa Ilagan, Sports Complex Isabela maging ang patuloy na akyson sa Batang Pinoy Luzon Qualifying Leg sa nasabi din na venue kung saan nag over all Champion dito ang Baguio City.

Abril naghari sa buwan na ito si John Chicano sa nilahukang Tri Factor National Duathlon Standard na ginanap sa Clark Freeport Zone Angelez City. binigo nito ang mga katunggaling dayuhan. Mabigat naman ang tunggalian sa pagitan ng F2 Logistics at Foton ng magharap sila sa Philippine Superliga (PSL) GrandPrix 2019 Preliminaries sa Fil Oil Fyling V San Juan, tinanghal namang 5 Peat kampeon ang San Miguel Beer sa 2019 PBA Philippine Cup matapos nilang talunin ang Magnolia,

Mayo ilan lamang sa naging dumalo sa lingguhang TOPS Tabloid Organization of the Philippine Usapang Sports sa NPC Intramuros Manila ang Princes of Philippines Motor Cross na si Clianna Patricia Pia Gabiel.

Hunyo masayang masaya ang batang cebuana na si Vic Glysen na mag-aaral ng NU National University matapos siyang tanghaling bagong Women National Master kaugnay ng mag kampoen ito sa nilahukang 2019 National Juniors Chess Championships & Girls Division sa Alphaland, Makati Place, Makati City na ginawaran ng Championship Trophy nila Tournament Director GM Jayson Gonzales at Atty. Cliburn Anthony Orbe. Nagpahayag ng kahilingan ang PSC Chairman / CDM William Ramirez sa mga sports namamayahag kaugnay ng pagkakaisa para sa nalalalapit na Philippine 2019 30th Southeast Asian Games na kung ipinarating ng pangulong Rodrigo Duterte na ipagmalaki ang bansa para sa naturang malaking okasyon na magaganap.

Hulyo Pinahayag ng AFAD Association of Firearms and Ammunition Dealers of the Philippines sa pamamagitan ng pangulo nitong si Alaric Topacio ang itinakda nilang gun show sa nasabing buwan hanabang susundan pa ito sa buwan naman ng Nobyembre makaraang bisita sila sa TOPS Usapang Sports. Malugod namang tinanggap ng PBA sa pamamagitan ni PBA Commissioner Willie Marcial ang pagiging bagong partner ng nasabing liga ang UnionPay Deputy General Manager kung saan ay ginanap ang MOA signing nito.

Agosto ginanap sa buwan na ito ang 2019 National Milo Marathon kung saan ay dagsa at lalo pang nadagdagan ang nakaraang taon na lumahok sa nasabing taunang patakbo, inilunsad naman sa pamamagitan ng PSC Philippine Sports Commission ang pagkakaisa para sa MOA signing sa pagitan ng SSS President & Chief Executive Officer Aurara C. Ignacio at ni PSC Chairman CDM William Ramirez ang nasabing kanilang mga nilagdaan ay ukol sa magiging benipisyo ng mga Atleta na mabing voluntary member sa SSS.

September Umigting ang bakbakan sa UAAP Season 82 basketbal sa pagitan ng UP at FEU, Bumisita naman sa lingguhang PSA Forum sa Amelie Hotel Manila ang sariwa pa sa nag kampeon na F2 Logistics PSL Champion ang mga manalalarong sina Kim Fajardo, Dawn Macandili, Alex Cabanos, Kalei Mau, at ang kanilang Marketing Manager na si Erika Uy. Isang teknikal na pagpupulong naman ang ginanap kaugnay ng nalalapit ng Southeast Asian Games venue sa bansa na pinangunahan ni PHISGOC Chief Operating Officer Ramon "Tats' Suzara kung saan ay ipinakita ang teknikal delegate na ginanap sa Maila Hotel.

Oktubre isang pagpupulong sa pamamagitan ni LVPI President Joey Romasanta ang ginanap sa buwan na ito patungkol naman sa 2nd Leg ng ASEAN GrandPrix kung saan kalahok ang pambato ng bansa na koponan at ang bansang Indonesia, Thailand, Vietnam na magtatagisan sa Sta Rosa Multi-purpose Gym Laguna. Ginanap din sa buwan na ito ang pasinaya ng Titan Table Tennis Center (T3C) sa 9156 Sitio de Fuego, San Francisco General Trias, Cavite, nagtala naman ng 19 na gintong medalya 26 na pilak, 37 na tanso na may kabuoang 82 medalya ang Cebu team mula sa nilahukan nilang Karatedo Goju-Kai Asia Pacific Championship na ginanap sa Hoops Dome Lapu-Lapu City.

Nobyembre sa buwan na ito kung saan ay papalapit ng papalapit na inaasahang malaking historic sa bansa ang southeast Asian games 2019 na nagsalita ang ama ng sports sa pamamagita ni PSC Chairman CDM na ang kahalagahan maganap na pinakamalaking kaganapan sa bansa sa taong ito tayo ay magkaisa sa tagumpay. Sagad sagad naman sa aksyon ang 2019 NCAA season 95 men Basketball sa pagitan ng Letran at San Beda kung saan ay nakamit ng Letran ang kampeonato. Nakamit naman ang tagumpay ni GM Rogelio Barcenilla sa kampoenato ang ginanap na Battle Of the Grandmaster sa PACE Project 6 Quezon City.

Disyembre Naghuhumiyaw sa kagalakan ang sambayang Pilipino sa natunghayang tagumpay at simple pro napa wow ang karamihan sa pagbubukas ng inaabangan Philippine 2019 Southeast Asian Games "We Win As One" sa Philippine Arena, Bucaue Bulacan, habang sa New Clark City Athletics Stadium, ang closing ceremony nito ay labis din na ikinasaya ng karamihan ng paghakot ng over all gold medal sa kumpetisyon ang bansa na may 149 – gold , 117 Silver at 121 na Bronze na nag tala ng 387 na medalya ilan lamang ito sa naging bahagi ng sports sa bansa. Dahil sa tinamasang tagumpay ng mga atleta ang tagumpay ikinagalak ng pangulong Duterte kung kaya pinarangalan nito ang 800 na Atleta sa Malacanang at sa kanyang talumpati ay personal na binate ang mga atleta sa natamong over all gold champion sa biennial. Samantala ang PPC Philippine Paralympic Committee at PSC Philippine Sports Commission ay pinahayag kamakailan na ang ASEAN Para Games ay sadyang ipinagpaliban sa unang natakdang schedule na Enero ay inilipat sa susunod na buwan Marso.



**TOP Senior winner -** tumanggap ng si FM Fide Master Adrian Pacis medal at cash mula kina GM Eugene Torre at Tournament Director GM Jayson Gonzalez makaraang tangling top seniors winner sa ginanap na Florencio Campomanes Memorial CHRISTmas Blitz Chess Tournament sa PACE Philippine Academy for Chess Excellence Proj 6 , Mindanao Avenue. Quezon City. **(RGN)**

## HANEP SPORTS

Sports Editor: RGN

Email Add: hanepsports2017@gmail.com



**PBA** - WALANG takot na sinagasa ni Meralco forward Allein Maliksi para sa kanyang basket ang depensa nila Kj McDaniels at Bobby Ray Parks ng Talk N Text sa kanilang paghaharap sa 2019 PBA Governors Cup sa Araneta Coliseum. Samantala para sa finals haharap naman ng Meralco ang Ginebra sa darating Enero 8 sa Araneta Coliseum. **(RGN)**



**OVEL ALL GOLD TROPHY - TINAAS** nila PSC Chairman CDM William Ramirez, PSC Commissioner at Executive Secretary Salvador Medialdea ang Ovel All Goldin Trophy sa gunanap na closing ceremony ng 30th Southeast Asian Games na ginanap sa Athletic Stadium, New Clark City Tarlac. **(RGN)**

# 'NATOROTOT' KAYA NANGADYOT?

**SINAKSAK hanggang sa napatay ng isang 43-anyos na garbage collector ang kanyang kainuman na hinalang "tumurotot" sa kanyang live-in partner habang nag-iinuman sa Cavite City.**

Dead on the spot ang biktimang si Paquito Malto Enot Jr., 44, may-asawa, walang trabaho, ng Baagay 10A Aplayang Munti, Sta Cruz, Cavite City.

Arestado naman ang suspek na si Joel Orbaneja, alias Jong, ng Bagong Pook, Baragay 48A, San Antonio, Cavite City.

Sa ulat ni SSgt Armangel Genuino, ng Cavite City Police Station, dakong alas-5:30 Miyerkules ng umaga nang naganap ang insidente sa Bagong Pook, Barangay 48A, San Antonio.

Nag-iinuman ang suspek, biktima at ilang kaibigan nila nang may nanukso o nagbiro umano sa una.

Tinukso umano ang suspek na isa sa mga anak nito ay hindi sa kanya bagkus ay sa biktima.

Dahil dito ay nagalit ang suspek na inisip o inakalang nasalisihan at naturotot siya ng biktima.

Kaya naman inundayan ng saksak ng suspek ang biktima na nagresulta sa agarang pagkamatay nito.

Agad namang naaresto ang suspek sa mabilis na pagresponde ng mga barangay tanod. GENE ADSUARA

# Angkas sa motor, todas

**ISANG** 22-anyos na lalaki ang nasawi matapos na bumangga sa puno habang nakaangas sa motorsiklo ng kanyang pinsan na nasugatan din sa Magallanes, Cavite.

Namatay habang ginagamot sa Gen. Emilio Aguinaldo Hospital ang biktimang si Vincent Decillo habang ginagamot sa Our Lady of Way Hospital ang pinsan nitong si Jonnel Dimapiles, 26, binate, kapwa residente ng Brgy Pacheco, Magallanes.

Sa ulat ni SSgt Fercival Signo, ng Magallanes Municipal Police Station, dakong alas-10:30 ng umaga nang naganap ang insidente sa isang palikong daan sakop ng Brgy Baliwwag, Magallanes, kung saan minamaneho ni Jonnel ang kanyang motorsiklo na may plakang 3816000 at angkas nito ang pinsan na si Vincent.

Pero sa pagsapit sa palikong bahagi ng nasabing kalsada nang nawalan umano ng kontrol ang kanyang manibela at sumalpok sa isang puno ng niyog.

Nabatid kay Signo na mabilis umano ang patakbo ni Jonel sa kanyang motorisklo kaya malakas ang pagkakabangga nila sa puno bukod pa sa wala silang suot na helmet. **GENE ADSUARA**

# Obrero dedo sa poste


**NASAWI** ang driver ng isang motorsiklo sa mismong araw ng Kapaskuhan habang sugatan ang angkas nito nang tumama ang kanilang katawan sa poste ng Meralco sa Imus City, Cavite.


Hindi na umabot ng buhay sa Ospital ng Imus ang biktimang si Lynier Lachica, 57, construction worker dahil sa matinding sugat sa ulo habang ginagamot sa Divine Grace Medical Center sa Gen Trias City, Cavite ang angkas nitong si Reynadlo Damayo, 35, may-asawa, construction worker at kapwa naninirahan sa Don Ramon Compound, Brgy. Alapan 2B, Imus City.

Sa ulat ni Corporal Danilo Martinez, dakong alas-5:50 ng hapon nang naganap ang insidente sa harapan ng Saint Edward School sa St. Edward Road, New Lancaster City, ng naturang Lungsod kung saan minamaneho ni Lachica ang kanyang motorsiklo at angkas nito si Damayo habang binabagtas ang kahabaan ng St. Edward Road nang nawalan umano ng kontrol ang manibela nito at sumalpok sa poste ng Meralco at perimeter fence ng Saint Edward School.

Dahil sa malakas na pagkakabangga, tumilapon ang kanilang katawan habang ang sinakyang nilang motorsiklo ay nahulog sa open canal sa naturang lugar.


Kapwa isinugod sa ospital ang dalawa subalit idineklarang dead on arrival ang driver ng motorsiklo. **GENE ADSUARA**






ANG president ng Senior Citizen sa Loma de Gato, Marilao, Bulacan na si Mr. Rogelio Ringor kasama ang kanyang maybahay habang nagbabasa ng HANEP newspaper katabi ang 'Lola ng Media' na si Adela Zamora.




## Kahina-hinalang dyaryo

**KAPAG** ganitong bago na ang taon ay dagsa na ang pagpunta ng mga mayroong negosyo sa mga city o municipal hall.

Siyempre para lakarin ang kanilang renewal ng business o mayor's permit dagdag pa iyong mga magsisimulang magnegosyo.

Iwasan nating magpahuli pa o lumagpas sa takdang palugit o deadline na ibinibigay ng lokal na pamahalaan.

Ang aming publication ay maagap naman dahil sa mga unang bugso o araw pa lamang ng taon ay inaayos na ang mga dapat aayusin.

Sa kagaya naming ang negosyo ay dyaryo ay mahalagang updated ang lahat ng documents lalo at accredited sa mga regional trial court.

Kayong mga mambabasa kahit hindi man magiging kliyente ng isang publication ay mayroon kang maaaring partisipasyon.

Paano? Sa staff o editorial box ng pahayagan ay makikita ang address ng publication kaya malalaman kung saang city o municipal hall sumasakop ito.

Maaaring magtungo sa Business and Licensing Division ng city o municipal hall upang mabatid kung ang dyaryo ay nakapag-ayos ba ng dokumento para sa kabuuan ng isang taon.

Kaya ko ito nababanggit ay dahil mayroon akong nakapanayam subalit humiling na huwag na lamang siyang ihantad.

Ang sabi ng aking nakausap na respetadong tao na kung may pagdududa sa isang publication ay makabubuting alamin ang estado nito.

Puntahan umano ang BLD at kapag napatunayang hindi nag-renew ay humingi ng sertipikasyon.

Ang sertipikasyong iyon ang maaaring magagamit sa pagrereklamo laban sa isang publication.

Katanungan kasi na paanong tuloy ang negosyo sa kabila na wala palang renewal ng business permit?

Puwedeng isipin na nameke ng business permit o iba pang dokumento kaya naidederetso ang dyaryo.

Sabi pa ng aking kausap, maging sa Bureau of Internal Revenue ay mas mainam na tunguhin para sa mga kaukulang kaalaman o impormasyon laban sa isang kahina-hinalang publication o dyaryo.

Ang dyaryo po ay hindi lamang basta isang uri ng negosyo, ang dyaryo po kahit lingguhan ang isyu ay dapat itindig ang tunay na pakahulugan ng isang dyaryo bilang bahagi ng pamamahayag.

Batu-bato sa langit…